**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 6

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Introduksiyon

Ang modyul na ito ay bahagi ng *Yunit III - Mga Kritikal na Usapin sa Kamanahang Kultural* ng silabus ng PA 150. Isa sa mga importanteng usapin na ipinupukol sa pangangalaga ng kamanahang kultural ay ang pratikalidad nito. Laging sinasabing walang kita sa o hindi nakakain ang kamanahang kultural kaya dapat nang iwaglit at isangtabi. Sa modyul na ito mahalagang matutunan mo ang kahulugan ng ekonomikong pag-unlad o economic development sa konteksto ng kamanahang kultural.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 9-10, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagpapaliwanag ng nagbabagong depinisyon at hangganan ng ekonomikong pag- unlad;
2. Makasusuri sa iba't ibang lapit sa konserbasyon ng pag-aaring kultural;
3. Makapagpapaliwanag ng mga konseptong kaugnay ng turismong kultural;
4. Makapagsusuri sa iba't ibang programang panturismo ng mga lokal na pamahalaan gamit ang kamanahang kultural.

Mga Kritikal na Usapin sa Kamanahang Kultural: Pinaniniwalaang Tunggalian sa pagitan ng Pag- unlad at Pag-iingat sa Kamanahang Kultural

Laging ikinakabit sa kamanahang kultural ang mga idea at imahen ng pagiging atrasado, makaluma, at hindi kaagapay sa ekonomikong pag-unlad ng bansa. Ipinaliwanag ni Throsby (2007) na ang isang bagay ay nasusukat batay sa silbi o gamit (value) nito. Ganito ipinaliwanag ni Cruz (2017) ang kahalagahan ng kamanahang kultural:

| | |
|---|---|
| use value | - heritage properties that produce concrete results such as profits and earnings from cultural heritage activities. |

| | |
|---|---|
| | This includes heritage structure used for housing that yield higher rents than other buildings by virtue of its heritage status or the improved value of remote users when they benefit from the view provided by the heritage property or due to its proximity to the heritage property. |
| non- use value | - indirect use value or the less tangible benefits of cultural heritage such as the deep affection and appreciation one can get from a certain cultural object or historical site; or spiritual and social satisfaction which cannot be measured in concrete terms such as profits, revenues, or number of jobs and businesses it generated |

Sa parehong depinisyon kumikilos ang mga pag-aaring kultural. Isang halimbawa ay ang built heritage tulad ng mga bahay, gusali, tulay, arko at iba pa. Naging mahalaga dahil nagsilbing tahanan, opisina, daanan. Gayundin, naging bahagi ng kasaysayan ng isang pamilya, isang organisasyon, at isang komunidad. Ngunit dahil sa globalisasyon at urbanisasyon, bumuhos ang mga tao sa mga lugar na sentro ng komersyo at kultura. Kaakibat ng urbanisasyon ang pag- unlad ng lugar at pagdami ng mga grupo ng tao, mga gusali at institusyon naglalabanan para sa makitid na espasyo ng lungsod (Venida 2002).

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| **Gabay sa Talakayan sa Klase** |
|---|
| 1. Basahin mo ang *The Cultural Heritage-Oriented Approach to Economic Development* (2017) ni Geoffrey Cruz.<br><br>2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano-ano ang mga lapit (approach) sa konserbasyon ng kamanahang kultural?<br>b. Sa tingin mo ba magagamit (applicable) ang Culture-Oriented Economic Development ni Van der Borg at Russo (2005) sa mga bansang bahagi ng Global South?<br><br>3. Basahin mo ang *Conflicts over Heritage: The Case of Quiapo* (2002) ni Victor Venida.<br><br>4. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:<br>a. Ano-ano ang mga uri ng pagkaluma o obsolescence na makikita sa distrito ng Quiapo?<br>b. Ano-ano ang mga paraan para pataasing muli ang economic value ng Quiapo? Sumasang-ayon ka ba rito? |

Kung susundan ang dalawang sanaysay, nagkakaisa ang mga ito sa pangangailangan ng konserbasyon sa pag-aaring kultural. Kapwa nagsusulong ng mga lapit at pagdulog kung paano isasagawa ang konserbasyon na sensitibo sa katangian at pangangailangan ng lokalidad o distrito. Gayunpaman, isinusulong ng parehong sanaysay ang heritage o cultural tourism bilang isang paraan para pasiglahin ang mga bayan na may mayamang kasaysayan at kamanahang kultural. Mahalagang pag-

usapan ngayon kung magkakawing ba ang paradigm ng turismo sa kamanahang kultural?

Mga Kritikal na Usapin sa Kamanahang Kultural: Turismong Kultural

Bago dumating ang pandemya ng COVID-19, naranasan mo na bang maglakbay sa labas ng Metro Manila o sa ibang probinsya? Nakapaglakbay ka na ba sa labas ng bansa? Ano ang dahilan ng iyong paglalakbay? Saang lugar ka na nakarating? Kung naglakbay ka para sa isang bakasyon, panata, proyekto sa eskuwela, o namiyesta sa ibang bayan, marahil napansin mo rin ang ibang tulad mo ay dayo o turista. Sa paglalakbay nararanasan at natutunghayan natin ang kultura ng ibang lugar. Ang mga anyo ng kamanahang kultural ang nagiging dahilan ng pagpunta ng mga tao sa isang bayan o tinatawag na turismong kultural.

Isang kritikal usapin sa pag-aaral ng kamanahang kultural ang turismong kultural. Isa itong terminong pinagtatalunan dahil umiikot ang turismo sa kakayahang kumunsuno (consumption) ng mga produkto at karanasan. Dala rin nito ang panandaliang paglalakbay o pagdayo sa isang lugar para tunghayan ang pamumuhay ng isang komunidad. Nalilimita ang karanasan sa pagtunghay at hindi talaga pakikipamuhay. Samantalang natutunan natin na ang kultura at kalinangan ng isang grupo ng tao at komunidad ay hindi isang spectacle, hindi ipinaparada kundi realidad at buhay na danas ng mga komunidad na ito.

**Gabay sa Assignment**

1. Basahin mo ang *Basis of heritagization and cultural tourism development (2015)* nina Bujdoso, et al.

Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:

   a. Ano ang ugnayan ng cultural economics at experience economy ni Schulze (1992)?
   b. Ano-ano ang mga benepisyong nakukuha sa turismong kultural?

2. Magsaliksik ka tungkol sa turismong kultural sa isang partikular na bayan o probinsiya sa Pilipinas. Puntahan mo ang opisyal na website ng bayan o probinsya para alamin kung mayroon silang programang nakasentro sa turismong kultural. Ilantad mo ang mga naging proyekto sa ilalim ng programang ito. Pangatwiranan kung paanong naging halimbawa ng turismong kultural ang mga nasabing programa. Huwag mo na isama sa pananaliksik ang mga bayan na natalakay na sa mga sanaysay (hal. Taal, Vigan, Quiapo, at iba pa).

3. Maghandang iulat ang iyong nasaliksik sa tatlong (3) programa ng lokal na pamahalaan tungkol sa kamanahang kultural na halimbawa ng turismong kultural.

**Format ng Pangkatang Pag-uulat:** Powerpoint presentation, 10 slides max, 20 mins max.

**Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):**

**Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain** 1pt

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| | |
|---|---|
| **Malinaw na paggamit ng wika** | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 2pts |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 2pts |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Masusing pagtalakay sa mga usapin | 2pts |
| Malinaw na paglalatag ng impormasyon | 2pts |

Pangwakas

Pansinin mo ang dalawang sipi tungkol sa turismong kultural:

*Heritage tourism is open to controversy and contestation because of its ability to be used as a source for the construction and affirmation of identities and the communication of political messages* (Richter 2005).

Ginagamit ng mga lokal na pamahalaan ang turismong kultural bilang behikulo para sa pag- unlad ng kanilang komunidad. Laganap ang marketing at promosyon ng kani-kaniyang bayan para dumugin ng mga turista gamit ang kamanahang kultural bilang sentral na imahen.

Mga Sanggunian:

Cruz, G. "The Cultural Heritage-Oriented Approach to Economic Development in the Philippines: A Comparative Study of Vigan, Ilocos Sur and Escolta, Manila." 10th DLSU Arts Congress De La Salle University Manila, Philippines February 16, 2017. https://www.semanticscholar.org/paper/The-Cultural-Heritage-Oriented-Approach-to- Economic-Cruz/8d151867da4961691acdfbd4a9c221eef067c737

Venida, V. Conflicts over Heritage: The Case of Quiapo. Kritika at Kultura 2. (2002). https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/kk/article/view/1580

Bujdosó, Z., Dávid, L., Tőzsér, A., Kovács, G., Major-Kathi, V., Uakhitova, G., ... & Vasvári, M. (2015). Basis of heritagization and cultural tourism development. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, *188*, 307-315.
https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1877042815021928

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)